

# 1

Meet Macy Soriano. Beauty and brains ang twenty-four-year old na dalaga, bukod pa sa nagmula ito sa isang may-kayang pamilya. Communication Arts graduate siya from *Ateneo De Manila University* at isang print ad model. She stood 5'5", maganda ang pangangatawan, makinis, maputi at lampas-balikat ang makintab at tuwid na tuwid na buhok. She would drive her own car—isang special edition ng *Honda Civic*—and lived in *Ayala Heights* sa Diliman, Quezon City.

Bunso siya sa tatlong magkakapatid. Ang dalawang nauna ay pawang mga lalaki at may mga pamilya na sa United States. Siya na lamang ang naiwan sa Pilipinas kaya nakatira pa rin siya sa bahay ng mga magulang niya. Besides, kahit naman may sarili na siyang condo unit sa Timog Avenue, mas gusto pa rin niyang nakapisan sa bahay ng mommy at daddy niya. Siyempre, bukod sa nakatitipid siya at ligtas doon, buhay prinsesa siya roon dahil maraming nagsisilbi sa kanya.

Ang ama ni Macy na si Gerardo Soriano ay miyembro ng mga justices sa *Supreme Court*,

samantalang ang kanyang mommy naman na si Angela ay isang dating beauty queen turned businesswoman at may-ari ng isang malaking accessories line and kikay stuff for girls.

Kung tutuusin ay hindi niya kailangang maghanap ng trabaho dahil puwede naman siyang mag-take over sa business ng kanyang ina o kaya magtrabaho sa opisina ng daddy niya. Hindi rin naman siya nawawalan ng kita dahil lagi siyang nakukuha for print ad projects. In fact, maraming nagsasabing mag-artista na lang siya tutal maganda naman siya at mas may 'K' kaysa sa ibang nagpipilit maging star.

But she opted to take the road less traveled. Mas pinili niya ang challenge ng pakikipagkompetensya para sa trabaho.

Ang gusto kasi niya ay maging isang sikat na TV reporter sa isang higanteng network, kaya nasa harap siya ngayon ng isang panel para sa kanyang interview. Nakapasa siya sa written exams na ibinigay ng *Channel 8* last week. Ang alam niya ay mahigit sa isang daan silang applicants na kumuha ng written test, thirty ang pumasa roon at sampu lamang ang mapipili para makapag-apprentice sa istasyon sa loob ng anim na buwan. Pagkatapos niyon, dalawa lamang ang matitira para sa vacant positions. Ang isa ay

magiging field reporter, ang isa naman ay magiging weather reporter.

*Ayokong maging isang weather reporter!* Iyon agad ang nasa isip ni Macy bago siya nagtungo sa kanyang panel interview. Ang mindset niya ay ang magiging field reporter.

Hindi sa minamata niya ang weather reporter, pero hindi kasi siya interesado sa panahon, at ang tanging weather na gusto niya ay yaong tuwing summer.

“How well can you handle pressure?” narinig niyang tanong ng isang guwapong miyembro ng panel.

Siyempre, kilala niya ang lalaki dahil isa ito sa mga senior reporters na sikat sa *Channel 8*—si Rafa Menez.

Kung ordinaryong babae lang siya na hindi sanay sa ganoong sitwasyon at may inferiority complex pa, baka hindi na siya nakapagsalita. Masyado kasing overwhelming ang presence ni Rafa.

“I can say that I have grace under pressure. I don’t panic, I don’t lose my temper. Pressure brings out the best in me. After all, pressure is my middle name.” Isang matamis na ngiti ang ibinigay niya sa

nagtanong, patunay ng kumpiyansa niya sa sarili.

Pero tila may hindi natuwa sa sagot niya dahil agad na nagsalita ang isang babae, na ayon sa pagkakaalam ni Macy ay siyang head ng News Department.

“Para kang aplikante sa isang beauty contest, are you sure you want to be a reporter? News and public affairs ito, Hija, hindi health and beauty, ha?” Mataray ang tono nito.

“I am more than sure that I want to be a field reporter, Ma’am. I have a degree in Communication Arts, I am socially aware, I am a volunteer in a foundation for kids and abused women. I believe I have the brains and the guts to be in this field, and my beauty is just a bonus.” Ni hindi siya kumurap.

Sa sandaling iyon, si Rafa Menez naman ang napangiti sa sinabi niya. Nagtaas lang ng kilay ang head ng News Department. Sa loob-loob ni Macy, bakit siya magpapa-sweet, eh, hindi naman Christmas show ang sasalihan niya? Kailangan ngayon pa lang ay makita na ng mga nag-i-interview sa kanya na kaya niyang sumagot ng mga tanong.

Ilang katanungan pa ang ibinato sa kanya ng mga miyembro ng panel at pakiramdam ng dalaga

ay maayos naman lahat ng sagot niya. She did her best. Hihintayin na lang niya ang resulta.

Paglabas niya ng conference room kung saan ginanap ang interview ay isang lalaking nagmamadali ang nakabanggaan niya.

“Hey!” Muntik siyang matumba sa lakas ng impact ng banggaan.

“Oops!” Hinawakan siya ng lalaki sa braso at maingat na ini-steady. “Sorry.” Iyon lang at mabilis na pumasok ito sa conference room.

*Antipatiko*, naisip ni Macy na nilingon pa ang nakabanggaan. *Sayang, mukhang guwapo pa naman pero walang finesse.*

Dumerecho ang dalaga sa parking lot at pagkapasok sa loob ng kotse ay agad na kinuha ang kanyang cellphone at tumawag sa isang salon and spa para magpa-book ng appointment.

Masyado siyang na-stress ngayong araw. She needed to relax!

---

Meet William ‘Yam’ Divina. Journalism graduate from *University of the Philippines* in Diliman. Twenty-six years old, 5’10” ang height. Moreno at charming

ito, over sa sex appeal at dangerously handsome, as described by women from all walks of life.

He could easily pass for a model dahil maganda ang katawan bukod sa pagiging guwapo ng mukha. Ngunit mas pinili niya ang pagsusulat at mundo ng pamamahayag.

Hindi na mabilang ang indecent proposals na natanggap niya, pati na mga lihim at hayagang lumuha dahil pawang bigo na makuha siya. Hard to get kasi si Yam; hindi basta-basta natutukso, palibhasa ay nakatatak na sa puso ang ambisyon at ang mga gustong marating sa buhay—sa malinis na paraan.

Panganay siya sa apat na magkakapatid. Janitor sa simbahan ang kanyang ama at naglalako naman ng mga kakanin ang kanyang ina sa probinsya. Bagaman hindi sila mayaman ay naitawid ang kanilang pamumuhay sa tulong na rin ng simbahan.

Lahat silang magkakapatid ay nakapag-aral nang libre noong elementarya kaya kahit paano ay nakapag-ipon ang kanilang magulang. Dahil likas na matalino ay nakakuha siya ng scholarship sa *Philippine Science High School*. Ang kanyang allowance ay hinahati niya para maipadala sa kanila. Nang mag-college siya ay scholarship pa rin ang ginamit niya sa *UP Diliman*.

*Cum laude* si Yam nang magtapos sa kolehiyo at agad na nakapasok sa isa sa mga leading newspapers ng bansa.

Bilang staff writer ay sumasahod na siya nang maayos. may benefits pa. Kaya inako na niya ang pagpapaaral sa pangatlo at bunso niyang kapatid. Graduate na rin naman ang sumunod sa kanya, pero vocational course at maliit lang ang sahod kaya natural lang na mas mabigat ang responsibilidad ni Yam.

Kaya naman ni minsan ay hindi siya nag-commit sa isang relationship o di kaya ay inisip na mag-asawa, kahit nasa hustong gulang na. Pakiramdam kasi ni Yam ay hindi pa siya professionally secure at financially stable; hindi siya kuntentong nagsusulat lang. At pakiramdam niya ay marami pa siyang kailangang maabot sa buhay.

Isa sa pangarap niya ay ang maging isang TV reporter, and hopefully later on ay maging isang sikat na news anchor.

“Malay mo, matanggap ako sa *CNN*, di ba? Wala namang masamang mangarap,” aniya minsan kay Trudy nang mag-dinner sila sa may Tomas Morato.

Si Trudy ang kanyang best friend since his

*Philippine Science High School* days. Hindi naman pangit ang babae, pero plain-looking ito. Hindi ito palaayos, hindi nagme-makeup at baduy manamit. Ngunit anuman ang kakulangan nito sa physical appearance, binawi nito sa talino. Graduate ng Molecular Biology sa *UP* si Trudy at maganda ang posisyon sa isang research company sa Singapore. Every two months ay may libreng weekend trip ito sa Pilipinas, at iyon ang mga pagkakataong nagkikita sila.

“Wala namang kumukontra sa ’yo, bakit sa akin mo pa sinasabi ’yan?” natatawang sagot ni Trudy sa sinabi niya.

“Nasabi ko lang. Well, actually, naiinis ako sa office kasi parang sinasabi nila na maganda na daw ang posisyon ko at eventually ay magiging assistant editor na ako. Bakit daw magre-resign pa ako para lang pumasok sa *Channel 8*?”

“So affected ka, gan’un?” Nakatingin sa kanya ang babae, as if challenging him. “Don’t tell me, makikinig ka sa kanila at kakalimutan mo na lang ang pangarap mo?”

“Hindi, ah! Pumasa na ako sa written exams at tapos na ang panel interview. Ngayon pa ba ako aatras, naibigay ko na ang resignation letter ko?”



Hanggang sa katapusan na lang ako sa office.”

Muntik na siyang ma-late noong araw ng kanyang interview dahil nasiraan ang taxi na nasakyan niya. Sa kamamadali, may nakabanggaan pa siyang babae. Nawalan na siya ng tsansa na manghingi ng dispensa rito dahil sa pagmamadali.

But all in all, everything went well. Hindi siya kinabahan.

“Nagbigay ka na pala ng resignation letter mo, eh, ano pa ang ini-emote mo diyan?”

Napakamot ng ulo si Yam. Kahit kailan ay lagi talaga siyang supalpal kay Trudy. Palibhasa ay parang maton ang ugali nito sa kanya. Siguro dahil matagal na rin silang magkaibigan kaya ni hindi nagbabait-baitan ang babae sa kanya.

“Naghahanap lang ng moral support, ikaw naman. Palibhasa, mayaman ka na sa Singapore,” tukso niya sa babae.

“Sira! Ang boring kaya ng trabaho ko d’un.”

“Nabo-bore ka pa sa laki ng suweldo mo?”

“Palit tayo ng trabaho, gusto mo?”

Natawa si Yam sa hamon sa kanya ni Trudy.

Alam kasi ng babae na kahit ano ang mangyari, hindi niya ipagpapalit ang gusto ng puso niya para sa pera lamang. Kaya nga hindi science o finance-related ang kinuha niyang kurso, dahil mas malapit sa puso niya ang pagsusulat at pamamahayag.

“Uminom na nga lang tayo!”

Hindi na siya nagulat nang makatanggap ng tawag na kabilang siya sa mga magti-training sa *Channel 8* sa susunod na linggo.

*Yes! CNN, nararamdaman na kita!*

---

Mula sa kinaroroonan ay kitang-kita ni Yam ang pagpasok ng isang magandang babae. Magsisimula na ang orientation nila in fifteen minutes at lahat ay naroroon na. Ang mismong mag-o-orient na lang ang wala.

“Hi, everyone!” narinig niyang bati ng bagong dating. Nagkatinginan sila ng babae pero saglit lang.

Ibinalik niya ang atensyon sa binabasang libro bago pa niya hindi mapigilan ang sarili at titigan na lang niya ito nang titigan maghapon.

Wala sa prayoridad niya ang isang babae na kung ganoon kaganda, hindi malayong maharuyo siya.

Baka makalimutan niya ang mga pangarap niya at ito na lang ang isipin.

Lihim siyang natawa sa itinatakbo ng isip. Ang layo na agad ng narating niya para nagkatinginan lang naman sila ng estranghera. Isa pa, sa hitsura nitong mukhang sosyal, malayong matipuhan siya nito.

“Mukhang madaming maganda sa batch natin, ah,” komento ng katabi niyang lalaki. Napatingin siya rito at ngumiti. “Zander, Pare.”

“Yam Divina.” Kinamayan niya ang katabi.

“Ikaw ba’yung staff writer sa *The Daily News*?”

Nagulat siya sa tanong nito. Hindi niya inaasahan na may recall na siya sa readers ng kanilang diyaryo.

“Ako nga, Pare,” bahagyang nahihiyang aniya.

Tumawa ang kaharap. “Nice! Nababasa kita, eh. Ayos, magkasama tayo.”

“Hi, I’m Macy.”

Sabay silang napatingin ni Zander sa babaeng nagsalita sa harap nila. Ang babaeng ubod ng ganda! Maagap na kinamayan ito ng kanyang katabi.

Siya ay tumango lang pagkatapos sabihin

ang pangalan. Hindi halata pero bahagya siyang kinabahan. Makikipagkuwentuhan pa sana si Zander kay Macy pero dumating na ang head ng News and Public Affairs ng *Channel 8* kasama ang mag-o-orient sa kanila kaya nagsiupo na silang lahat.

Mahigit dalawang oras din ang naging orientation nila. Lahat ng rules and regulations, pati ang mga bawal at mortal na kasalanang dapat nilang iwasan ay ipinaliwanag sa kanila. Ibinigay na rin sa kanila ang kanilang initial assignments sa loob ng isang linggo.

Ngayon pa lang, excited na si Yam sa mga gagawin. At least, he was slowly getting closer to his dream.

## 2

“How was the orientation?” nakangiting tanong ni Gilbert nang dumating siya.

Humalik muna sa pisngi ng boyfriend si Macy bago umupo sa tapat nito, saka kinuha ang menu.

“Okay naman. The rules are bearable but the schedules are insane,” wala sa loob na komento ng dalaga habang pumipili ng o-order-in. She opted for macaroni salad and roasted chicken.

“Ilang beses ko nang sinabi sa 'yo, mahirap ang buhay ng isang TV reporter. Ngayon pa nga lang, nagrereklamo ka na sa schedule. How much more kapag pinadala ka na sa remote and dangerous areas to cover the news.

“Saka hindi talaga para sa mga babae ang field. I mean, mas mabuting lalaki ang nasa field kaysa sa inyo kasi madaming security threats.” Nasa mga mata ng binata ang genuine concern kaya hindi magawa ng dalaga na magalit rito, kahit sa tingin niya ay sexist ang komentong iyon.

“GB, pag-uusapan na naman ba natin 'to?” Inabot ni Macy ang kamay ng boyfriend na nakapatong sa

mesa saka pinisil. Kailangan talagang nilalambing niya ang lalaki para huwag na itong magreklamo.

“I have nothing against the schedule, I was simply saying that the shifts are crazy. Like starting Monday, six am to three pm ang duty ko. That would mean waking up at three am to prepare everything, then leave the house by five am.”

“Kita mo ’yan, wala ka nang oras sa akin niyan.”

“We can have early dinner every night if you want.” Pero sa loob-loob ni Macy, iniisip niya kung may lakas pa kaya siyang makipag-socialize kapag naging hectic na talaga ang trabaho niya.

Ngunit wala siyang magagawa. Kung kinakailangan niyang isakripisyo muna ang regular dates nila ni Gilbert para lang makuha niya ang trabahong gusto niya, siguro ay maiintindihan siya nito. Mahal siya ng nobyo kaya positibo siyang susuportahan siya nito.

“Ayoko lang kasing mahirapan ka.” Pinisil muna ng lalaki ang kamay niya bago hinalikan. “Alam mo namang mahal na mahal kita.”

Kinilig naman si Macy sa ginawa ng boyfriend. Ano pa ba ang hahanapin niya rito? Guwapo, may stable job, galing sa mabuting angkan at mahal siya.

Naalala pa niya kung paano sila nagkakilala nito.

Noong nakaraang taon ay kinuha siyang print ad model ng isang sikat na international pharmaceutical company para sa isang brand nito ng Vitamin C. During the photo shoot ay dumating ang ilang executives at brand managers ng kompanya, kabilang si Gilbert.

Charming ang binata at magiliw sa lahat. The girls wanted all his attention, pero obvious na sa kanya ito na-attract.

Nilapitan siya ng lalaki at kinausap, at tila nagpa-impress pa dahil nagpa-deliver ito ng dagdag na pagkain para sa lahat mula sa isang mamahaling restaurant. Lalong kinilig ang mga babae, pero si Macy ay nanatiling cool.

Pero hindi siya tinantanan ng lalaki at bago natapos ang photo shoot ay nalaman na nito ang number niya.

Nang sumunod na araw, isang dosenang rosas ang natanggap niya. Sinundan pa iyon ng mga chocolates, fruits at kung anu-ano pa. Kahit sinabi na niya kay Gilbert na huwag nang mag-abala, hindi tumigil ang binata.

After one week, he took her to a formal dinner

at the *Manila Peninsula*. Iyon ang naging simula ng paglabas-labas nila. Galante ito, lagi siyang dinadala sa mamahaling restaurants.

Noong una ay hindi naman siya masyadong attracted rito. Siyempre guwapo ito at maganda ang katawan pero feeling ni Macy, kulang sila ng spark. Pero mabait kasi si Gilbert at mukhang desidido sa panunuyo sa kanya kaya unti-unti na ring nahulog ang loob niya. Hanggang sa maging officially mag-on sila. Nasa Antipolo sila, sa isa sa mga overlooking restaurants doon nang sagutin niya ang lalaki.

Ipinakilala niya sa parents niya si Gilbert at agad namang tinanggap ng mga magulang ang kanyang nobyo sa pamamahay nila.

*“Mukha namang mabait ang nobyo mo,” komento ng daddy niya noon matapos makilala si Gilbert.*

*“Oo nga, Hija. Sa tingin ko, hindi ka naman maaapi sa kanya,” sabad ng mommy niya.*

*“Okay naman po si Gilbert, marami ngang may gusto diyan.”*

*“Kahit lahat pa ng babae sa buong Pilipinas ay magkagusto sa kanya, as long as loyal siya sa 'yo, walang magiging problema.” Bagaman nakangiti, alam ni Macy na pasimple ang bantang iyon ni Judge*



Soriano.

*“I’m sure hindi niya gagawin ’yun. I’m a good catch, you know!” Sinundan iyon ng dalaga ng tawa para hindi halatang na-tense siya sa komento ng ama.*

*“Yan ang gusto ko sa ’yo, Anak. Talagang namana mo ang lakas ng loob ng daddy mo,” sabi ni Angela na natawa na rin.*

Looking at Gilbert now, nakikita niyang hindi pa rin naman ito nagbabago sa kanya. Lagi siya nitong sinusundo kapag kaya ng schedules nila. At regular ang lunch at dinner dates nila.

“Kumusta naman ang mga kasama mo?”

“Well, mukhang lahat ay gustong maging TV reporter. It’s going to be a tough competition, pero alam kong kaya ko silang talunin,” matapang na pahayag niya.

*And I will do everything para ako ang mapili, sa loob-loob ng dalaga.*

---

“Sa umpisa lang masaya ang maging DJ, pero kapag ’yun at ’yun lang ang ginagawa mo, mabo-bore ka din,” kuwento ng kaharap niya.

Sa tantya ni Macy ay matanda ng apat na taon sa kanya si Beth, na isang dating DJ.

Sumimsim siya ng juice mula sa kanyang baso.

“Ikaw, Macy, bakit mo naisipang mag-apply as TV Reporter?” baling sa kanya ni Richard. Alam ng dalagang law graduate ito at hindi pa nakakapag-bar exams. “Di ba, daddy mo ’yung sa *Supreme Court*?”

Napatingin sa kanya lahat ng nasa table, naghihintay ng sagot niya. May three-day lecture sila sa *Channel 8* bago magsimula ang kanilang mga duty. Lunch break nila sa kasalukuyan at sabay-sabay silang kumakain. Ang iba ay nasa kabilang mesa.

“Well, gusto ko talaga iyong nagbabalita ng news. Parang ang sarap kasi, kahit pa sabihin nilang mahirap at maraming pressure.”

“Hindi mo gustong maging lawyer din o kaya mag-business?” tanong naman ni Melissa, isang dating child star na bumalik sa school at nag-aral ng Mass Comm.

“Ayoko.” Napatingin si Macy sa kabilang mesa. Nakita niyang naglalakad palapit doon ang head ng news and public affairs. Binati nito si Yam Divina na tinugon naman ng binata.

Tumigil ang head at mukhang nakipagchikahan na sa lalaking may pagkaantipatiko. Hindi niya alam kung ano ang problema nito sa kanya pero pansin niyang hindi siya nito gusto. Masungit ito sa kanya di gaya ng iba nilang kasama—lalo na iyong mga lalaki.

“Sipsip,” wala sa loob na bulong niya.

“Sinong sipsip?” agad na tanong ni Richard na narinig pala ang kanyang sinabi.

“Naku ’yung mga tagakabilang table, mukhang nagsisipsip sa head ng news and public affairs!” bulalas ni Beth.

Lihim na napangiti si Macy nang mapunta sa kabilang mesa ang topic ng grupo nila. Mabilis niyang tinapos ang lunch at saka nag-excuse na pupunta ng rest room.

Gusto niyang maunang makabalik sa kuwarto para sa lecture, upang makita ng mga taga-*Channel 8* na seryoso siya sa pag-a-apply bilang TV reporter.

---

Nagtataka si Yam dahil pagpasok niya sa conference room kung saan ginaganap ang kanilang lecture, isang irap mula kay Macy Soriano ang sumalubong sa kanya. Napalingon pa siya dahil inisip

niyang baka para sa iba ang irap na iyon. But sad to say, para sa kanya talaga.

*Ano'ng problema ng babaeng 'yun?* Ngunit imbis na maapektuhan ay itinuon ni Yam ang atensyon sa lectures nila. Ethics of Journalism ang itinuturo sa kanila, may Speech Power din at mga Tips for News Reporting.

Pagkatapos ng lectures nila ay nagkayayaan pa ang mga kasama nila na lumabas at maghapunan pero tumanggi na siya. Sayang naman kasi ang oras niya. Mas gugustuhin niyang magpahinga na lang at manood ng DVD sa kanyang studio-type apartment.

“Pare, next time sumama ka na talaga sa amin, ha.” Tinapik pa siya ni Zander bago tuluyang lumabas ng building.

Habang nag-aabang ng masasakyang taxi ay nakita niyang dumaan ang isang CR-V. Bumukas ang isang bintana niyon at nakita niyang si Macy ang nagda-drive niyon. Nasa passenger's seat katabi nito si Beth.

“Ayaw mo talagang sumama?” tanong ng dating DJ.

“Next time na lang,” ani Yam, saka kumaway.

*Reporting For Love - Averiz Gale*

---

“Promise ’yan, ha.” May pag-asam sa tono ni Beth. Nag-flying kiss pa ito bago itinaas ang bintana. Pero ni hindi tumingin sa kanya si Macy.

*Maldita talaga, naisip ni Yam.*

# 3

“Finance beat?” Hindi makapaniwala si Macy nang makita ang assignment niya galing sa news room. “Ano’ng iko-cover ko, ang pagtaas at pagbaba ng dolyar at piso?”

“Buti ka nga, sa finance beat. Sosyal daw d’un; catered ang lunch at may merienda pa ang mga reporters. Ako sa traffic napunta!” reklamo ni Beth. “Most likely ay mga taga-*MMDA* ang magiging barkada ko nito!” Napatawa ito.

“Police beat agad ang ibinigay sa akin.” Nakangiti si Melissa. “Exciting!”

“Buti ka pa, police beat. Sa akin, mga balitang schools at simbahan,” angal ni Zander.

Noong una ay hindi rin maintindihan ni Macy kung bakit gustong maging TV reporter ng huli. Obvious kasing mayaman si Zander. *Ford* ang pick-up na dinadala nito kapag pumupunta sa *Channel 8*. Nakakasabay niya minsan ang lalaki sa parking lot.

Pero nang malaman niyang governor ang ama ni Zander, somehow ay may hinala na siya kung bakit gusto nitong mapapunta sa media. Proteksyon iyon

para sa ama. And most likely, papasok rin sa politika si Zander balang-araw so parang exposure na rin kung madalas itong makikita ng mga tao sa telebisyon.

“Saan mo ba gustong ma-assign?” untag ni Beth sa kanya.

“I was hoping for the justice beat.”

“Kay Yam daw napunta ’yun,” sabad ni Richard. Sa defense beat naman ito napunta, na siyang mag-co-cover sa ibang news sa military circle.

“Sana ako na lang ang in-assign d’un.”

“Dahil nand’un ang daddy mo? Hindi ka naman matututo kapag gan’un,” komento ni Melissa.

Tumahimik na lang si Macy para hindi na humaba ang diskusyon. Pero sa loob-loob niya, inis na naman ang nararamdaman niya kay Yam kahit alam niyang wala itong kasalanan sa kanya.

*Sa kanya napunta ang gusto kong beat, that’s enough for me to hate him.*

“O, kumusta naman ang mga nakuha n’yong beats?” tanong ni Yam nang lumapit sa kanila. May ngiti ito para sa lahat, pero nang mapatingin sa kanya ay inis na inirapan niya ito, saka binirahan ng punta sa CR.

“Napano ’yun?” narinig ni Macy na tanong ni Yam sa mga kasama nila.

“Hindi nagustuhan ang beat na napunta sa kanya,” tugon dito ni Beth.

Alam ni Macy na siya ang pag-uusapan ng mga kasama pero wala siyang pakialam. She had other things in her mind. Katulad na lamang kung paano siya magsu-survive sa finance beat bago makalipat sa justice beat.

---

Hanggang sa dinner nila ni Gilbert ay dala-dala ng dalaga ang inis sa kasamahan.

“Eh, di ba, hindi naman talaga kayo makakapili ng assignments? Ang alam ko, kung ano ang ibibigay ng news desk, ’yun ang pupuntahan n’yo.”

“Yeah... pero naiinis pa rin ako.”

“Yung brod ko dati sa fraternity na nag-TV reporter, pinadala pa dati sa Mindanao,” kuwento ni Gilbert habang kumakain sila.

“Sinong brod?” Hindi alam ni Macy na may brod na reporter ang boyfriend niya.

“Si Allison. Wala na ’yun, nag-migrate na sa



Canada five years ago.”

“Ah, ’yung dating taga-GMA7?”

“Siya na nga.”

“Bakit naman siya nag-migrate? Siguro kung hindi siya umalis, baka may show na rin ’yun ngayon.”

“Eh, mas gusto na niya ng tahimik na buhay. Saka mas malaki ang kita niya sa Canada kaysa rito. Maliit lang ang suweldo ng TV reporter.”

“Well, fulfilling naman.” Ayaw niyang maging defensive pero ganoon talaga ang tingin niya sa buhay ng mga taga-media. Hindi man kalakihan ang mga suweldo, masaya naman sa trabaho.

“Siguro naman after two years ay sawa ka na sa pagiging reporter?”

“What do you mean sawa?” Napatingin si Macy sa boyfriend.

“Siyempre gusto ko rin namang magpakasal tayo at lumagay sa tahimik. Don’t you think? Hindi naman tayo bumabata.” May inilabas na maliit na kahon si Gilbert.

“Wait, are you proposing?” Lalong kumabog ang dibdib ng dalaga nang makitang napangiti ang

kaharap.

“Actually, hindi ito ang dream proposal ko. But I can’t wait anymore.” Binuksan ng lalaki ang kahon at tumambad sa kanya ang isang singsing na may mamahaling bato.

“GB...”

“Will you marry me?”

“Hindi ko alam ang sasabihin...”

Ang totoo, biglang nalito si Macy kaya hindi niya talaga alam ang sasabihin. A part of her was happy that her boyfriend just proposed to her.

*Pero parang may kulang... I don't feel right.*

“Just say yes and I’ll be the happiest man in this restaurant.” Nasa *Annabel’s* sila sa Tomas Morato.

Mabilis na nag-isip si Macy. Dalawang taon lang ang ibinibigay sa kanya ni Gilbert para maging TV reporter... para tuparin ang pangarap niya.

Tama bang bigyan siya ng taning? Pero kapag sinagot niya ang boyfriend, hindi naman ibig sabihin niyon ay agad silang magpapakasal, di ba? Iyon ang pagkakaintindi niya. Kapag tumanggi siya, mawawala ba sa kanya ang nobyo? Hindi niya alam. Was she

willing to take the risk?

“Yes.” Tinanggap niya ang proposal ni Gilbert kahit hindi siya sigurado. Mortal sin ba iyon?

*I'll cross the bridge when I get there.*

Tuwang-tuwang agad na isinuot sa kanya ng lalaki ang singsing.

“At least, malalaman ng iba na engaged ka na. Hindi ka na nila aagawin sa akin,” nakangiting sabi nito.

Siguro kung ibang babae siya, kinilig na siya. But somehow, hindi siya natuwa sa sinabi ng boyfriend. Er, fiancé pala.

Pero ngumiti lang si Macy.

---

Of course napansin agad ng mga kasama ni Macy sa *Channel 8* ang bago niyang singsing. Naroroon silang lahat nang araw na iyon para sa kanilang weekly evaluation.

“Engaged ka na!” bulalas ni Beth nang makita ang singsing. “Oh my God, kelan ang kasal?”

Agad na napatingin ang lahat sa kanya; ang lakas naman kasi ng boses ng kaibigan. Mabuti na lang,

wala pa ang head ng news department sa conference room kaya malaya pa silang magchikahan.

“Ikakasal ka na, Macy?” tanong ni Fritz na dating team leader sa isang call center. Cute sana ito kaso ay may pagkapresko. “Sayang naman, liligawan sana kita.”

“Hindi pa ako ikakasal!” mabilis na sagot ni Macy. Pero bago pa makahirit si Fritz ay agad niya itong sinupalpal. “Pero hindi na ako nagpapaligaw, sorry.”

“Basted agad!” natatawang tukso ni Zander kay Fritz.

Ang alam ni Macy, kay Melissa nagpapa-cute si Zander, pero alam din niyang hindi ito type ng babae. May iba raw itong gusto sa batch nila.

“Kelan n’yo balak magpakasal?” tanong muli ni Beth.

“Hindi ko pa alam.” Nakita niyang nakatingin sa kanya si Yam.

Ngumiti ito at nagsabi ng, “Congrats!” pero tango lang ang isinukli niya.

“I’m sure bongga ’yan!” Si Beth na naman.

“Bahala na si Batman.” Iniba na ni Macy ang

topic dahil hindi na siya komportableng buhay niya ang pinag-uusapan nila. Kung puwede nga lang, huhubarin na lang niya ang singsing at itatago para hindi mapansin.

---

Nagiging palaisipan na talaga kay Yam kung bakit tila mainit ang dugo ni Macy sa kanya. Wala naman siyang ginagawang masama. Although inaamin niyang hindi rin naman siya nag-e-effort na maging close sa babae.

More or less kasi ay alam na niya ang mga tipo ni Macy. Sosyalera, bratty at maarte. Unang kita pa lang niya rito, ganoon na ang impression na iniwan nito sa kanya.

Pakiramdam nga ng binata, ginagamit lang ng babae ang koneksyon ng pamilya nito sa TV network para makapasok sa apprenticeship ng news and public affairs. Sa totoo lang, ang tingin niya sa babae ay puro porma lang at walang substance.

O siguro ganoon siyang manghusga dahil may best friend siyang brilliant mind sa katauhan ni Trudy. Kaya mataas ang standards niya sa babae.

*Bakit ko nga ba pinag-aaksayahan ng oras itong si Macy? I'm sure susuko rin 'yun in one month.*

*Reporting For Love - Averiz Gale*

---

Napangiti na rin si Yam. Bawas ang kalaban niya kapag nagkataon.